

**MGA PANANAW HINGGIL SA PAGGAMIT NG
WIKANG FILIPINO SA PAG-AARAL NG
BATAS AT ANG KAHALAGAHAN NITO SA
PAGHUBOG NG KATAUHAN NG MAG-AARAL**

*Carlos D. Sorreta**

I. INTRODUKSYON

Ang Hamon Sa Pag-aaral ng Batas

Matagal nang nakilala na ang pag-aaral o edukasyon, paano man tingnan o suriin, ay may mahalagang papel na ginagampanan sa pagunlad ng isang bayan.¹

Ito ay nababatay sa paniniwala na ang edukasyon ay ang pinakakritikal na sangkap sa paghuhubog ng katauhan ng isang mamamayan.²

Ito ay lalong nabibigyan ng kakaibang kahalagahan kapag ang pinagusapan ay ang pag-aaral ng batas.

Malaki ang paniniwala na ang pag-aaral ng batas ay isang mahalagang paktor sa pag-unlad ng isang bayan at sa pagsulong sa mga repormang panglipunan.³

Isang patunay sa kahalagahan ng pag-aaral ng batas ay magugunita kapag titingnan natin kung ano ang pinag-aralan ng mga matataas na politiko, mga kagawad ng pamahalaan, at pati na rin ng mga mamamayan na nangunguna sa pribadong sector, sa madaling salita, mga

*Member, Student Editorial Board, SY 1988-1989.

¹Popenoe, *The Importance of Education in National Development*, 7 AM. J. 281 (Desyembre 1967).

²Lumbera, *Ang Akademiko sa Lipunang Nagbabago, ABOT TANAW: SULYAP AT SURI SA NAGBABAGONG KULTURA AT LIPUNAN* 8-9 (1987).

³Salas, *Law and Development*, 44 PHIL. L.J. 445 (Hulio 1969); Concepcion, *Law: Instrument of Social Change and National Development*, 18 SAN BEDA L.J. 1, 5-19 (1977).

taong nagpapalakad ng 30 bayan. Sa ano mang bansa, makikita natin na marami sa mga ito, kung hindi man ang nakararami sa kanila, ay batas ang pinag- aralan.⁴

Dahil sa pagpunang ito, nagkaroon ng kalinawan na ang pag-aaral ng batas ay dapat maipasatupad na may buong paunawa sa mga pangangailangan ng isang lipunan na dumadanas ng tuloy-tuloy na mga pagbabago at mayroong maraming matinding pangangailangan.⁵

Maaaring masabi na ang pag-aaral ng batas ay may hinarap na matinding hamon, isang hamon na hindi dapat talikuran. Ang hamon na ito ay ang gumawa ng paraan upang ang pag-aaral ng batas ay makatulong sa pagtugon sa mga matitinding usapin na hinaharap ng Pilipinas, isang bansang maraming malubhang suliranin at isang bansang sumisikap upang umunlad.

Dahil sa hamon na ito, nagkaroon ng pagkilala na ang pag-aaral ng batas ay dapat pumiglas sa saklaw ng silid-aralan. Dapat sikapin na mapatibungan ng pag-aaral ng batas ang mga ibat-ibang aspeto ng lipunan. At gayundin sa pag-aaral ng batas ay dapat sikapin na hindi mapiit sa wagas na pagtuturing sa batas. At dapat hindi lamang ang pagtuturo ng batas ang umiral sa loob ng silid-aralan.

Kapag sinuri natin ang mga suliranin ng lipunan at ng bayan at ang papel na dapat gampanan ng pag-aaral ng batas, bilang handa upang makatugon sa mga ito, makikita natin na mayroong mga ilang tiyak na bagay na dapat ipasatupad sa larangan ng pag-aaral ng batas. Ang mga ito ay ang mga sumusunod: (1) ang paghubog sa isang mag-aaral ng batas ng wastong saloobin at kagyat na unawa na dapat magpatnubay sa kanyang kilos; (2) ang ipaalam sa kanya na ang mga katungkulan at obligasyon ng isang tao ay angkop sa kanyang kakayahan; (3) ang dangal at integridad ay tunay na mahalaga; (4) ang isang manananggol ay may tungkulin na itaguyod hindi lamang ang sarili niyang kapakanan, kundi ang kapakanan ng ibang tao; (5) dapat lagi siyang mahinahon sa kanyang pamamalakad; (6) dapat siyang matapat sa kanyang tungkulin; (7) at ang pagtibayin ang wastong moralidad.⁶

⁴Black, Some Notes on Law Schools in the Present Day, 79 YALE L.J. 505 (1970).

⁵Cortes, Legal Education in a Changing Society, 46 PHIL. L.J. 444, 415-416 (Hulio 1971).

⁶Reyes, Content of Legal Education, CONFERENCE ON EFFECTIVE LEGAL EDUCATION 34-35 (1961).

Ang huling nabanggit, ang pagpapatibay ng wastong moralidad, ay maaaring masabi na ito ang puno at dulo ng hamon sa pag-aaral ng batas. Ang wastong moralidad ay sumasakop di lamang sa mga pangsariling pagtuturing ng isang mananaggol, kundi pati na rin sa wastong pagtanaw sa mga pangangailangan ng lipunan at ng bayan. Sa mulat-mula pa ay nakita at nabatid na, na ang pag-aaral ng batas sa kasalukuyan ay nabigong maglaan ng wastong pagsasanay ukol sa moralidad ng mga mag-aaral.⁷ Kahit na sabihin pa na dapat sa ibang lugar manggaling ang pagsasanay ukol sa wastong moralidad, tulad ng tahanan, pamayanan o sa paaralan bago pumasok sa paaralan ng batas, ang paaralan ng batas ay dapat maglaan ng pagkakataon upang makapag-aral ang isang taong nais maging ma-nanaggol ng etiko at wastong moralidad.⁸

Kapuna-puna na rin marahil na ang kakulangan sa pagsasanay sa wastong moralidad ay hindi limitado sa Pilipinas kundi umiiral din sa mga mauunlad na bansa tulad ng Estados Unidos.⁹

Itong pagpupunyaging magsilbing tulong ang pag-aaral ng batas sa pagtugon sa mga suliraning panglipunan ay sinabayan na rin ng pagsisikap na pagbutihin ang pag-aaral ng batas upang ang isang mananaggol ay maging lalong dalubhasa sa mga kaalaman at kakayahan sa larangan ng batas.¹⁰ Nagkaroon din ng pagsisikap na mabigyan ang mga mag-aaral ng batas ng mga karapatdapat na mga katangian ng isang tagapamuno ng lipunan pati na rin ang pagsisikap na pagbutihin at pagtibayin ang aspetong pang-akademiya.¹¹

Hindi nangangahulugan na ang aspeto ng kaalaman at kakayahan sa pag-aaral ng batas ay mawawalan ng kahalagahan. Ang pagsasanay sa aspetong pang-akademiya ay hindi dapat dumanas ng ano mang pagbabawas. Ito ay dapat rin mapagtibay kasabay ng ano mang tangkang ibahin ang kasalukuyang pamamaraan ng pag-aaral ng batas ukol sa paghuhubog ng isang mag-aaral na may wastong moralidad. Ang pagnanais na makatugon sa mga pangangailangan ng lipunan at ang pagnanais na

⁷Reyes, *Morality and Education*, 16 SAN BEDA L.J. 1 (Mayo 1975).

⁸Rotunda, *Sinuring Aklat: C. W. MODERN LEGAL ETHICS*, 136 U. PA. L.R. 1761 (1988).

⁹Johnstone, *Student Discontent and Educational Reform in the Law Schools*, 23 J. LEGAL EDUC. 255-256 (1971).

¹⁰Tingnan, Romero, *The Challenges to Legal Education in the Philippines*, 52 PHIL. L.J. 487-497 (Disyembre 1977).

¹¹*Ibid.*

pagbutihin ang pag-aaral ng batas ay hindi maaaring ipaghiwalay sapagkat itong dalawang ito ay likas sa isat-isa. Nakalulungkot lamang na madalas ay kumikiling ang iba na tingnan at talakayin and dalawa na magkahiwalay. Dapat ang pag-aaral ng batas ay maisagawa tungo sa paghubog ng mga responsableng manananggol na hindi lamang bihasa sa batas kundi mayroong din mga wastong pananaw at adhikain na nararapat upang makatugon sa mga usaping panglipunan at sa mga suliraning pambansa.

Kasalukuyang Pagtugon sa mga Hamon

Dahil sa pagbatid at pag-unawa sa nakaraang isinalaysay, nagkaroon na rin ng mga tangkang gumawa ng mga paraan upang makapaghubog ng mga manananggol na hindi lamang bihasa sa batas kundi nagtataglay na rin ng mataas na uring moralidad. Isang indikasyon ng pagtangkang makapagtugon sa hamon na ito ay ang panukalang pag-ibayuhin ang kasalukuyang linalaman ng kurikulum ng mga paaralan ng batas.¹² Ang layunin ng mga pagbabago ng kurikulum ay ang mailayo ang pag-aaral ng batas sa oryentasyon na pangpasa lamang sa pagsusulit para sa abugasiya.¹³ Isang oryentasyon na nagpapatunay na madalas ay wagas na batas lamang ang ninanais na matutunan sapagkat ito ang makatitiyak ng pagtanggap ng mga biyaya na dala ng isang matagumpay na abugado.¹⁴ Upang mailayo ang mag-aaral sa ganitong pananaw, sinisikap na isama ang mga paksang naiuukol sa mga suliraning panlipunan sa kurikulum ng pag-aaral ng batas.¹⁵

Isa pang tangkang makapagtugon sa hamon na hinaharap ng pagaaral ng batas ay ang pagkilala sa kahalagahan ng aspetong pang praktikum bukod pa sa mga tinatalakay sa loob ng silid-aralan.¹⁶ Sa ganitong paraan, hindi lamang mabibigyan ng pagsasanay ang mga mag-aaral sa pangpraktikal na aspeto ng batas na magsisilbing gabay sa

¹²Cortes, *The Law Curriculum: Assessment and Recommendation in the Light of the Needs of a Developing Society*, 47 PHIL. L.J. 446 (Julio 1972).

¹³Narvasa, *Law Curriculum and Bar Examinations*, NEW THRUSTS IN LEGAL EDUCATION 5-8 (1979).

¹⁴Bacungan, *Terms and Conditions of Employment*, NEW THRUSTS IN LEGAL EDUCATION 39 (1979).

¹⁵*Ibid.*

¹⁶Concepcion, *Legal Education and Legal Aid - A Symbiotic Relationship*, CLINICAL APPROACH TO LEGAL EDUCATION: PROCEEDINGS OF THE SEMINAR ON CLINICAL LEGAL EDUCATION (1979).

pagiging abugado,¹⁷ kundi maibabahagi sa kanila ang kahalagahan ng pagbibigay ng serbisyo sa publiko. Magkakaroon na rin ng pagkakataon na mapagtibay sa kanilang kalooban ang kabigatan ng mga suliranin na humaharap sa mga lalong nakakaraming mamamayan na nakapiit sa kahirapan.

Isa sa kinikilalang nangunguna sa larangan ng programang ukol sa klinikal na edukasyon ay ng Kolehiyo ng Batas, sa Pamantasan ng Pilipinas. Sa programang nakaukol sa pangpraktikum na aspeto ng pag-aaral sa Kolehiyo ng Batas ng nasabing pamantasan, ang isang mag-aaral ng batas ay dapat makaipon ng walong yunit na pangpraktikum sa ilalim ng Office of Legal Aid doon din sa kolehiyo. Dahil dito, nakakapagbigay din ng libre o di-kamahalan na serbisyo ang mga mag-aaral ng batas sa mga maaring mahirapan maghanap ng pambayad sa isang abugado. Marami ng mga pagkakataon na nabigyan ng pansin ang ganitong paglilingkod sapagkat marami ang maaring hindi makatamo ng katarungan kung hindi dahil sa programang ito.¹⁸

Malinaw na nakikilala ng mga kinaukulan ang mga hamon sa pag-aaral ng batas. Malinaw rin na tapat at sinsero ang kanilang mga inuukol at tinatanghang tugon sa mga hamon na ito. Ngunit kapansin-pansin parin na sa kasalukuyan, ang mga sinisikap na gawin sa paaralan ng batas ay hindi sapat,¹⁹ lalo na sa dako ng mga suliranin pambayan at panglipunan.²⁰ Dahil dito, maaaring sabihin na kailangan suriin uli ang pangkalahatan na kalagayan ng pag-aaral ng batas upang makapagbigay ng lalong nararapat na katugonan.

Ang isang suliranin na tulad ng kababanggit pa lamang ay mangangailangan ng isang pagsasaliksik na magagampanan lamang sa pamamaraan ng isang malawak at masusing pag-aaral. Isang pag-aaral na dapat gawin sa lalong madaling panahon. Ang artikulong ito ay hindi magkukunwaring nagpapasatupad ng ganoong pag-aaral. Layunin ng artikulong ito ang talakayin ang isang aspeto lamang. Itong aspetong ito ay ang paggamit ng wikang Filipino bilang wika sa pag-aaral ng batas at ang

¹⁷Kestin, Bridging the Gap Between School and Practice, 70 A.B.A.J. 56 (Enero 1984).

¹⁸Salvacion v. Sandiganbayan (Hulyo 11, 1986); People v. Pecardal (Nobryembre 24, 1986).

¹⁹M. M. MAGALLONA, M. F. BONIFACIO, SURVEY OF THE LEGAL PROFESSION 91 (1983).

²⁰*Id.*, sa 91-92.

bahaging maaring gampanan nito tungo sa paghubog ng katauhan ng mag-aaral ng batas. Hindi pag-aaral na batay sa masusing pananaliksik ang munting alay ng artikulong ito, kundi mga pananaw na inaasahang magiging udyat sa tuluyan at lalong malawak na pagtalakay sa usapin na ito.

II. FILIPINO: TUGON SA MGA HAMON

Wika at Pambansang Kamalayan

Dito sa Pilipinas, ang hindi pagkakaroon ng isang wikang laganap na maaring sabihin na wika ng madlang Pilipino ay naging hadlang sa pag-unlad ng bansa.²¹

Patunay dito ay ang pagkahuli ng Pilipinas kapag inihahambing sa mga ibang bansa ng Asya pagdating sa kalakalan, ekonomiya, agham at teknolohiya kahit na malinaw na nakalalamang ang Filipino pagdating sa paggamit ng wikang Ingles.²² Ito nga marahil ay dala ng pagkukulang ng pagkakaisa dahil sa kawalan ng isang pambansang wika²³ sa harap ng mga pagkakaiba sa kultura, kasaysayan at heograpiya.

Dahil dito, nagkaroon ng matinding pagnanais na magkaroon ng isang wikang maaaring masabing wika ng bayan. Itong hangarin na magkaroon ng isang pambansang wika ay nabigyan ng udyat mismo sa saligang batas ng Pilipinas na kumikilala na ang wikang ito ay dapat pang payabungin at pagyamanin.²⁴

Bagamat ang wikang Filipino ay hindi bago, kinailangan na ang saligang batas pa ang mismong magtakda na kung ano ang karapatdapat na kalalagyan ng wikang ito.

Dahil sa mga munkahing nilalaman sa saligang batas ukol sa wikang Filipino, nagkaroon na ng mga hakbang na pagtibayin at palawakin

²¹Robles, *Filipino Language at Last!*, DEVELOPMENT ISSUES: CONSTITUTIONAL RESPONSE 23 (1987).

²²*Id.*

²³*Id.*

²⁴SALIGANG BATAS (1987), art. XIV, sek. 6.

ang papel na dapat gampanan ng wikang Filipino. Sa pamahalaan²⁵ at pati na rin sa nangunguna at pinakamalaking pamantasan sa Pilipinas,²⁶ isinagawang alituntunin na ang paggamit ng wikang Filipino.

Isa sa mga hadlang ukol sa hindi pagkabuo ng isang pambansang wika ay ang pagkabihasa ng Filipino sa paggamit ng wikang Ingles. Ang pagpanaigan ng wikang Ingles sa sambayanan Pilipino ay masasabing isang masusi at kalkuladong galaw sa panig ng mga Amerikano. Ito ay dahil sa ibinaba nito ang ating pagsasanggalang laban sa umiiral na lakas ng mga Amerikano sa larangan ng ekonomiya at kultura habang ito rin ay nagsilbing maglikha ng isang mabisang hadlang sa pagitan ng mga uring manggagawa at ng mga kasapi ng progresibong menorhiya sa uri ng mga edukado.²⁷

Ang wika ay isang kasangkapan para sa pakipagpapalitan ng mga kaalaman o kuro-kuro. Hindi maiiwasan naitong pinagpalit-palit na mga kaalaman o kuro-kuro ay maimpluwensiya ng wikang ginagamit, dahil sa ang wika ay batay sa mga simbolo ng kultura at kasarinlan.²⁸ Ang kabiguan natin na gamitin at pagtibayin ang wikang Filipino ay naging matindi at pangunahing handlang sa pagkakaisa at sa pagbuo ng isang kasarinlan.²⁹ Ang mga ideya, kaisipan at balor ng mga Pilipino ay maaring maihatid sa kanyang purong anyo kung ito ay gagawin na gamit ang isang wika na likas sa kanilang katauhan.

Ang pagkalahatan, dahil dito, ang ating mga guro ay dapat matutong makipagkasundo sa kultura at pilosopiyang Pilipino at hindi labanan ang mga ito.³⁰ Ang pinakamabisang paraan para gawin ito ay ang paggamit ng wikang Filipino sa kanilang pagtuturo.³¹ At ito ay dapat maipatupad sa lahat ng antas ng pag-aaral.³² Ngunit ang layunin ng artikulong ito ay ang talakayin ang paggamit ng wikang Filipino sa pag-aaral ng batas.

Ang Wikang Filipino at ang Pag-aaral ng Batas

²⁵Tingnan E.O. 335, (Agusto 25, 1989), Ang Paggamit ng Wikang Filipino sa Lahat na Opisyal na Transaksyon, Kumunikasyon at Liham.

²⁶Tingnan U.P. Memorandum 42, Polisiya Ukol sa Wikang Pilipino.

²⁷R. Constantino, *Insight and Foresight* 95 (1979).

²⁸Pineda, *Ang Wikang Pilipino sa Pambansang Pagpapaunlad, ANG WIKA AT EDUKASYON SA MAKABAGONG MAMAMAYANG PILIPINO* 63 (1978).

²⁹R. Constantino, *supra*.

³⁰L.N. Mercado, *Applied Filipino Philosophy* 77 (1977).

³¹*Id.*, sa 81.

³²R. Constantino, *supra*.

Ang hamon ay ang gumawa ng paraan upang ang pag-aaral ng batas ay makatulong sa paghahanap ng kasagutan sa mga mahalaga at mabibigat na suliranin at pangangailangan ng lipunan at ng bayan. Isang paraan na ito ay matamo ay kapag maihubog ang katauhan ng mag-aaral ng batas upang mangibabaw ang wastong moralidad at balor. Ito ay upang pagdating ng panahon na mayroong siyang mahalagang kapanagutan sa ibang tao o sa bayan, ay magiging nauukol ang kanyang pagtugon. Kung hindi man, ay kahit lamang upang mapigil niya ang kanyang sarili mula sa lalong pagdagdag pa sa maaring maging mga suliranin.

Ang paglalahad ng wastong moralidad at mga balor, ang pagsibol ng kaalaman na kung ano ang tama o mali, ay hindi maaring makamtan sa loob ng isang linngo. Ito ay kailangang maisagawa sa loob ng kawawaan ng lipunan. Sapagkat ang lipunan ang kinalalagyan ng mga suliranin at pangangailangan na nararapat mabigyan ng tugon. Kailangan ay mayroong ugnayan, isang ugnayan na hindi lamang nakatakda sa larangan ng wika o lomunikasyon, kundi pati na rin sa paghahanap ng tiyak na kasarinlan. Kailangan magkaroon ng pagkakaisa sa pagitan ng mga taong nakikibahagi at makikibahagi sa mga alituntunin ng tamang moralidad at sa lipunan na kaninlang kinasasapian. Dahil sa halaga na maaring gampanan ng batas at katarungan, mapakahalagang tiyakin na ang kasalukuyang umiiral sa larangan ng pag-aaral ng batas ay tumutungo sa wastong paghubog ng katauhan ng mag-aaral.

Hindi maipagkakaila na hindi hamak na napakalaki ng papel na ginagampanan ng edukasyon sa paghubog ng sangkatauhan ng indibidwal. Sa loob ng silid-aralan, hindi lamang ang mga aktuwal na itinuturo ng guro ang natutunan ng mag-aaral.³³ Ang silid-aralan ay hindi lamang lugar na kung saan nagkikita ang guro at mga mag-aaral kapag may pag-aaral. Ito ay isang masalimuot na estrukturang sosyal at politikal. Sa kanyang pakikipag-ugnayan sa kanayang guro at sa ibang mag-aaral, ang isang mag-aaral ay matutuhan ang tungkol sa kapangyarihan, awtoridad, katarungan, demokratikong pamumuhay, at kalayaan, higit pa sa kung magbasa siya ng mga kaso at aklat sa buong panahon na siya ay mamalagi sa paaralan ng batas.³⁴

Dahil dito, makikita natin na halos lalong mahalaga ang proseso ng edukasyon kaysa nilalaman nito; kung ano ang gawin sa silid-aralan ng

³³Tingnan, N. Postman, C. Weingartner, *Teaching as a Subversive Activity* (1969).

³⁴Savoy, *Toward a New Politics of Legal Education*, 79 *Yale L.J.* 444, 480 (1970).

batas at kung paano ito isinasagawa ay lalong mahalaga kaysa yung mga itinuturo lamang.³⁵ Ang medyum ng edukasyon ay mahalaga dahil ito ang naglalaman ng edukasyon.³⁶ Ang nais na maituro o sabihin ay naapektuhan ng salitang ginagamit at kung paano ginagamit ang salita. Mismong mga pananaw ng mag-aaral ay marring maihubog ng hindi sinasadya. Kapag nasa loob ng silid-aralan, ang isang mag-aaral ay bukas sa impluwensiya sa ayaw o sa gusto niya, ay mahuhubog nito. Dahil dito, dapat suriing mabuti at bigyan ng kahalagahan ang ano mang nangyayari sa silid-aralan.

Ang isang katangian ng nagtuturo ng batas ay ang pagturo sa wikang Ingles.³⁷ Ang kinalabasan nito, ay ang proseso ng pag-iisip ng guro at pati na rin ng mag-aaral ay umiiral sa wikang Ingles. Dahil dito, napapalayo ang isang taong dumadanas ng ganitong edukasyon mula sa pagtatamo ng lalong malawak at karapatdapat na pananaw at pag-unawa sa mga usaping panglipunan.³⁸ At hindi lamang iyan. Pati na rin ang ano mang pagnanasang magsakripisyo ay nawawala rin dala ng pagkukulang maisaisip at maisapuso ang mga usaping panglipunan. Mahalaga ang paggamit ng Filipino sa pag-aaral sapagkat ito ang magsisilbing gamit upang maiugnay ng mag-aaral ang kanyang natututunan sa mga tunay at tapat na pangangailangan ng mga tao, bilang isa sa kanila, angkop sa iisang kasarinlan.

Ang Filipino ang mabilis na nagiging wika ng taong-bayan sa buong bansa.³⁹ Itong wikang ito ay hindi ang wagas o purong Tagalog, kundi isang dinamikong wikang pambansa.⁴⁰ Ang Filipinong tinutukoy sa artikulong ito ay ang masasabing isang lingua franca. Ang wikang Filipinong ito ay buhay at pumapayag na humiram ng mga salitang nanggagaling sa ibang wika.⁴¹ Walang dapat ikahiya ang paghiram ng mga ito sapagkat ito ay pangkaraniwan lamang sa mga wikang pambansa. Halos walang wikang pambansa sa buong mundo na hindi umunlad sa ganitong paraan.⁴²

³⁵*Id.*, sa 481.

³⁶*Id.*

³⁷Cortes, *The Law Teacher in Philippine Society*, 51 PHIL. L.J. 1, 10 (Pebrero at Abril 1976).

³⁸R. CONSTANTINO, *op. cit. supra*, tala 27 sa 96.

³⁹Dizon, *Ang Wika sa Edukasyon ng mga Pilipino*, ANG WIKA AT EDUKASYON SA MAKABAGONG MAMAMAYANG PILIPINO 56 (1978).

⁴⁰Robles, *op. cit. supra*, tala 21 sa 23.

⁴¹Paz, *Filipino as a Language of the People*, 13 U. PHIL. NEWSLETTER 9, no. 9 (Nobyembre 20, 1989).

⁴²*Ibid.*

Malaking tulong ang maibibigay sa lalong nakararaming Pilipino kapag ang mga abogado ay mayroong kasanayan sa wikang Filipino. Isa sa mga dumadagdag sa pag-iral ng kakulangan ng katarungan ay ang pagkalayo ng taong-bayan sa kaalaman tungkol sa batas pati na rin ang likas na takot nila sa batas. Ito ay dahil sa ang batas at halos lahat ng aspeto nito ay umiiral sa wikang Ingles, isang wikang hindi likas sa taong-bayan.⁴³

Ang paggamit ng Filipino sa pag-aaral ng batas ay maaaring magsilbing umpisa sa tuluyang paglapit ng batas sa taong-bayan. Ang pagbigay ng bahagi sa Filipino bilang wikang maaaring gamitin sa larangan ng pag-aaral ng batas ay magsisilbing ambag patungo sa lalong pagiging demokratiko ang batas. Sa aspeto na lang na ito ay maaaring sabihin na napakahalagang mabigyan ng bahagi ang wikang Filipino sa pag-aaral ng batas. Kahit ang unang decano ng Kolehiyo ng Batas ng Pamantasan ng Pilipinas at dating hukom ng Korte Suprema ay hindi tutol sa paggamit ng Filipino sa pagtuturo ng batas sapagkat nakilala niya ang kahalagahan nito sa pagtugon sa mga suliranin na hinaharap ng bayan.⁴⁴

Hindi namam ipinahahayag na ang wikang Filipino ay ganap ng papalit sa wikang Ingles sa pag-aaral ng batas. Halos walang sumasangayon sa pangganapang pagpalit ng wikang Filipino sa wikang Ingles sa larangan ng edukasyon. Mayroong mga nagsasabi na dapat wikang Filipino lamang ang gamitin sa edukasyon upang hindi ito masapawan ng ibang wika. Isang malaking pagkakamali kung iisipin na ang wikang Filipino ay sisigla lamang kapag tinanggal ang paggamit ng wikang Ingles.⁴⁵

Ang iba naman ay natatakot na kapag ginamit ang wikang Filipino sa kahit ilan lamang mga paksa, malalagay sa panganib ang inaakala nilang galing natin sa wikang Ingles. Walang saysay ang pag-aalalang ganito. Walang dapat ipangamba sapagkat kinikilala naman na ang radikal o biglaan pagbabago sa paggamit ng wikang Ingles sa edukasyon ay

⁴³A. F. TADIAR, KATARUNGAN PAMBARANGAY: P.D. 1508 ANNOTATED 10 (1984).

⁴⁴Malcolm, Formulation of the Philippine Legal System, 1910- 1917, CONFERENCE ON EFFECTIVE LEGAL EDUCATION 14 (1961).

⁴⁵Lopez, Does English Have a Future in the Philippines? Ang Wika at Edukasyon sa Makabagong Mamamayang Pilipino 68 (1978).

hindi nararapat.⁴⁶ Bukod dito, sa mga pag-aaral at pagsisiyasat na isinagawa ukol dito, napatunayan na kapag pinagbigyan ang mag-aaral, maari silang maging bihasa sa wikang Filipino at Ingles o ang pagiging bilingguwe ay maaring mapagtibay.⁴⁷ Ito ang ideyal at kapumapuna na rin na kumikiling na ang edukasyon sa Pilipinas patungo sa pagiging bilingguwe na gamit ang wikang Filipino at Ingles.⁴⁸ Ang dapat na mangyari ay magkaroon ng pinong ekilibriyo⁴⁹ sa pagitan ng pangangailangan na pabilisin ang paglawak ng gamit ng wikang Filipino upang ito ay magsilbing kagamitan tungo sa kaunlaran at pambansang pagkakaisa at sa panig ng pangangailangan ipagsangga lang ang natipong kaalaman at kakayahan na dala ng pag-aaral ng batas sa wikang Ingles pati na rin ang mga kaalaman na nanggaling o manggagaling sa ibang bansa. Ito ay mahalaga hindi lamang bilang tugon sa mga suliran panglipunan kundi upang hindi mahadlangan ang ano mang maaaring pakikibahagi natin sa mga kaalaman na galing sa labas ng Pilipinas at pati na rin ang ating pakikipagugnayan sa mga ibang bansa.

Malinaw na pagdating sa mataas na paaralan at sa pamantasan, mahirap ituro ang lahat ng paksa sa wikang Filipino.⁵⁰

Dahil dito, sa umpisa, iilan lamang mga paksa sa pag-aaral ng batas ang dapat ituro na gamit ang wikang Filipino. Itong mga paksang ituturo sa wikang Filipino ay dapat piliin na masusi at pagkatapos ay bantayan at manmanan ng mabuti.⁵¹

Mga Maaaring Hadlang o Pagtutol.

Mayroong limang maaaring maging hadlang o hindi kaya kahirapan sa paggamit ng wikang Filipino sa pagtuturo ng batas. Ang mga ito ay: ang pagkukulang sa katiyakan ng kung ano ang wikang Filipino; ang pagkabihasa ng mga guro ng batas sa paggamit ng wikang Ingles sa pagtuturo; ang pagkukulang ng mga mag-aaral ng batas ng kasanayan sa

⁴⁶*Id.*, sa 25.

⁴⁷Barrios, atbp., *The Greater Manila Speech Community: Bilingual and/or Diglossic*, ABSTRACTS OF PSSC-FUNDED RESEARCH PROJECTS 1973-1978 60 (1979).

⁴⁸Constantino, *Ang Programa sa Filipino ng U.P. at ang Bilingual na Edukasyon*, ANG WIKA AT EDUKASYON SA MAKABAGONG MAMAMAYANG PILIPINO 155 (1978).

⁴⁹Lopez, *supra*.

⁵⁰Landicho, *Ang Paggamit ng Pilipino sa Pagtuturo sa Kolehiyo*, GENERAL EDUCATION J. 7, 19-20 (1970-71).

⁵¹*Id.*

pakikipagtalastasan na gamit ang wika; ang likas na katangian ng batas na pagka-teknikal; at ang pamamaraan ng pagturo ng batas. Isa-isang tatalakayin ang mga ito.

1. Isang wikang nagsisibol.

Ang wikang Filipino na tinutukoy sa sulat ng ito ay isang wikang patuloy ang pagsibol. Dahil dito, madalas na sinasabi ng iba na itong wikang ito, ay nasa panahon pa ng paglilinang. Para sa kanila, kulang pa ang bahaging ginaganap ng mga salitang iba pa sa Tagalog. Sa katunayan, tutol sa wikang Filipino bilang wikang pambansa ang maraming mamamayan na hindi Tagalog ang katutubung wika o pananalita.⁵² Mayroon kasing dami ng halos 85 wikang rehyonal sa Pilipinas at marami dito ay hindi Tagalog ang pinagtubuan.

Ito ay dala ng matagal na hindi pagkakasundo kung ano nga ang wikang Filipino.

Sa isang dako, may nagsasabi na ang purong Tagalog ang dapat na ituring na wikang Filipino. Sa kabilang dako naman ay may nagsasabing maihahambing nga sa Tagalog ang wikang Filipino ngunit hindi naman purong Tagalog lamang ito dahil dapat ang wikang Filipino ay nakakahiram ng mga salita mula sa ibang wika na walang masyadong alinlangan. Itong huling pananaw ay ang wikang Filipino na tinutukoy sa artikulong ito at ang masasabing magagamit sa pagtuturo ng batas.

Dapat ngayon pa lamang ay umpisahan na ang pagsasanay sa paggamit ng wikang Filipino sa pag-aaral ng batas sapagkat lalong mahirap kung hihintayin muna magkaroon ng isang malinaw at malawak na pambansang wika.⁵³ Hindi maipagkakaila na magkaroon ng isang wikang pambansa. Ngayon pa lamang, ang mga paaralan ng batas ay dapat maging handa sa pangyayaring ito.⁵⁴

⁵²Robles, *supra*, tala 21 sa 23.

⁵³Bautista, *Image and Reality in Philippine Legal Education*, 2 THE LAWYERS REV. 2 (Augusto 31, 1988).

⁵⁴*Id.*

2. Pagkabihasa sa pagturo.

Tulad ng nasabi na, ang mga guro ng batas ay nakasanayan ng gumamit lamang ng Ingles sa kanilang pagtuturo.⁵⁵

Maaaring mahirapan ang mga nagtuturo ng batas na nabihasa nang gumamit ng Ingles sa kanilang pagtuturo magpalit at gumamit ng wikang Filipino o mga salitang Filipino. Mayroong kasabihan na mahirap sa lahat ay ang turuan ang guro, lalo nang magbago ng kung ano na ang kanyang nakasanayan.

Ngunit mayroong kasagutan ang suliranin na ito. Mayroong ilang mga pananaliksisk na nagpapakita na maaaring maglikha ng mga seminar na kung saan ang mga gurong ito ay unti-unting sasanayin sa mga kinakailangan na kaalamanan at wastong paraan ng paggamit ng wikang Filipino sa silid aralan. Batay sa mga unang pagsusuri ay nakitang matagumpay ang ganitong paraan.⁵⁶

3. Pagkakulang sa Ingles pa lamang.

Paano naman magiging sanay ang mga mag-aaral ng batas sa wikang Filipino kung sa Ingles na kanyang kinagisnan ay hindi pa siya bihasang gumamit. Mahirap man isipin, ngunit ang katotohanan ay ang pangkaraniwan na mag-aaral ng batas sa Pilipinas ay likas na mahina sa kanyang paggamit ng wikang Ingles, pareho sa pagsusulat at sa pananalita.⁵⁷ Itong kahinaan sa wikang Ingles ay kinilalang isa sa mga dahilan kung bakit maraming hindi nakakapasa sa pagsusulit para sa abugasiya.⁵⁸

Dahil dito ay maaring masyado pang maaga upang pairalin ang pangmalawakan na paggamit ng wikang Filipino sa pag-aaral ng batas.⁵⁹ Ngunit hindi ibig sabihin nito ay dapat muna pagtibayin ang pagsasanay sa

⁵⁵*Tingnan* tala 37.

⁵⁶Landicho, *supra*, tala 50 sa 13-14.

⁵⁷Regalado, *The Law Curriculum and Bar Exams- Reaction, NEW THRUSTS IN LEGAL EDUCATION* 45 (1979).

⁵⁸Cortes, *Legal Education: The Bar Examinations as Qualifying Process*, PHIL. L.J. 130, 143 (Hunio 1978).

⁵⁹Bautista, *supra*, tala 53.

wikang Ingles bago gamitin ang wikang Filipino. Dahil ang wika ay hindi lamang pagsasanay o pagdadalubhasa sa wikang Ingles.⁶⁰ Ang wika ay dapat umiral sa loob ng pag-uunawa na rin ng mga aspetong pangkultura at pati na rin pangpulitikal sa isang lipunan.

4. Ang pagka-teknikal ng batas.

Isang likas na katangian ng batas ay ang maaring maging hadlang sa paggamit ng wikang Filipino sa pagturo nito. Ang batas ay gumagamit ng mga tiyak at teknikal na mga salita.⁶¹ Itong suliranin na dala ng pagka-teknikal ng mga salita at konsepto ng batas ay umiiral din kahit sa mga gumagamit ng wikang Ingles, tulad ng mga manananggol at mga mag-aaral ng batas sa Estados Unidos.⁶²

Ngunit ito ay hindi dapat magsilbing hadlang sa paggamit ng wikang Filipino. Unang-una, walang saysay ang inaakala ng marami na kailangan gumamit ng mabibigat na salita sa larangan ng batas. Ang kailangan sa pagsulat ng batas o ano mang komunikasyon na ukol sa batas ay mga pananalitang malinaw na mayroong tiyak na kahulugan at hindi mga salitang masalimuot.⁶³ Ito ay lalong totoo kapag binigyan natin ng pansin na sa panahon na ito, ang kompyuter ay nagiging mahalagang kasangkapan hindi lamang sa pag-aaral ng batas, kundi na rin sa ibat-ibang aspeto ng batas.⁶⁴ Pagdating sa paggamit ng kompyuter, ang panukala ng mga dalubhasa dito ay dapat iwasan ang mga salitang mahahaba at hindi malinaw ang kahulugan.⁶⁵ Maaring dumating din ang araw na ang kompyuter ay magsisilbing gamit tungo sa pagsusuri ng batas at ng mga

⁶⁰*Ibid.*

⁶¹D. MELLINKOFF, *THE LANGUAGE OF THE LAW* 290-292 (1963).

⁶²Regalado, *supra*.

⁶³D. MELLINKOFF, *MELLINKOFF'S LEGAL WRITING - SENSE AND NONSENSE* 1-15 (1982).

⁶⁴Tingnan, M. A. MASON, *USING COMPUTERS IN THE LAW* (2nd ed. 1988); Webber, *A Computer Primer for Lawyers*, 31 *PRAC. LAW.* 11 (Abril 15, 1985); Farley, *Beyond Traditional Sources of Legal Research*, 31 *PRAC. LAW.* 37 (Hunyo 1, 1985); Andrews, *Legal Information Retrieval: Have They Got It Right?*, 69 *A.B.A.J.* 1865 (Desyembre 1982).

⁶⁵Allen, *Language, Law and Logic: Plain Legal Drafting for the Electronic Age*, *COMPUTER SCIENCE AND LAW* 178 (1980).

kaso.⁶⁶ Dapat mga malinaw at simpleng salita lamang ang gamitin upang magamit ang kompyuter sa ganitong paraan. Marahil ay dapat gamitin na ang wikang Filipino sa batas upang hindi tayo mahuli at upang mapaghandaan ito.

Pagdating sa mga teknikal na pananalita na walang katumbas sa wikang Filipino, hindi dapat mangambang gamitin o isalin ang mga salitang ito sa wikang Filipino kung maaari.⁶⁷ Kapag mga salitang unibersal naman, tulad ng mga salitang nakasalin sa Latin, ito ay maaaring gamitin na mananatiling walang pagkakaiba.⁶⁸ Parami nang parami ang mga dalubhasa sa paggawa ng mga pag-aaral upang matugonan ang mga pangangailangan sa larangan ng paggamit ng wikang Filipino para sa mga pinag-aaralan sa mga pamantasan.⁶⁹ May mga pagsasalin ng mga salitang ginagamit sa agham, medisina at enhiniyeriya sa wikang Filipino at ang mga ito ay ginagamit na rin. Saksi dito ang maraming mga diksiyunaryong ukol sa ganitong pagsasalin. Nakakalungkot nga, ngunit pagdating sa batas ay wala pang pormal na tankang magsa lin ng mga pananalitang Ingles na maaari namang isalin sa wikang Filipino.⁷⁰

5. Ang pamamaraan ng pagtuturo.

Ang batas ay madalas na itinuturo sa pamamagitan ng Socratic Method. Isang pamamaraan na kung saan ang mag-aaral ng batas ay bibigyan ng tanong at pagkatapos ang mga sagot niya ay pagmumulan ng mga sunod-sunod pang tanong. Ito ay hihinto lamang kapag napagod na ang guro (na hindi madalas) o di kaya ay sumuko na ang mag-aaral (minsan hindi parin titigil). Kung sa wikang Ingles, na masasabing napagsanayan na, ay nababahala na ang mag-aaral ng batas, ano pa kaya sa isang wikang hindi nakasanayan? Nakakatakot isipin ang pagpairal ng Socratic Method sa isang wikang hindi sanay ang mag-aaral. Siguro nakakatakot ang Socratic Method kahit anong wika ang gamitin. Ngunit maaring ito ay

⁶⁶Tito, Artificial Intelligence: Can Computers Understand Why Two Legal Cases are Similar?, COMPUTER/LAW J. 409 (Tag-araw 1987); Soma at Wilhelm, The Computer as a Tool for Legal Decision Making, 27 PRAC. LAW. 11 (Septiyembre 1, 1981).

⁶⁷Pineda, Ang Wikang Pilipino sa Mga Kursong Technical, PANGDALUBHASAAN SINING NG KOMUNIKASYON 24 (1978).

⁶⁸*Id.*

⁶⁹Tingnan, G. E. MATUTE, P. M. BELUEZ, C. E. KABIGTING, PILIPINO SA BAGONG PANAHOON (1981).

⁷⁰A. F. TADIAR, *supra*, tala 43.

lalong mabuti sapagkat mapipilitan ang mag-aaral ng batas na halughugin ang kanyang isip upang isalin sa salita ang ibig niyang sabihin.

Maaring marami ngang mga kahirapan ang hinaharap ng ano mang tangkang gamitin ang wikang Filipino sa pag-aaral ng batas. Matindi parin ang hawak sa ating kaisipan ng wikang Ingles. Malungkot isipin na nakasalalay sa kung ano ang gusto mong ipabahagi kung mapapalawak nga ang wikang Filipino. Kung pangmadlang panlibangan ang nais ipamahagi, maaring matagumpay na magamit ang wikang Filipino. Ngunit kapag ang nais ipamahagi ay literatura o ano mang bagay na mayroong kunting kabigatan o kalaliman, malamang mabigo ka lamang sa pagnanais mong gamitin ang wikang Filipino.⁷¹ Ito na nga marahil ang kalagayan ng ano mang tangkang gamitin ang wikang Filipino sa pag-aaral ng batas. Malungkot ngang isipin. Sa kabilang dako naman, ito ay ang dapat na magsilbing hudyat para sa atin na pagtibayin ang unti-unting paggamit ng wikang Filipino sa ibang larangan, lalong-lalo na sa larangan ng pag-aaral ng batas.

III. BILANG KONGKLUSYON

Sa pag-aaral ng batas, ang isang mag-aaral ay hindi lamang mga kaalamang tungkol sa batas ang natatamo. Habang siya ay nag-aaral ng batas, nakakamtan niya ang isang saloobin o pananaw na masasabi natin na ubod ang pagka-legal.⁷² Sa kanilang hangad na mag-isip, magsalita at kumilos na parang abugado, hindi nalalaman o namamalayan ng mga mag-aaral ng batas na nagkakaroon sila ng isang pananaw sa mundo na masyadong legal.⁷³

Itong pang-legal na pananaw ay lubos na makitid.⁷⁴ Ang mga nangyayari sa lipunan sa kasalukuyan ay masyadong masalimuot at diberso upang tanawin sa ganoong makitid na paraan lamang. Sa loob ng kawawaan ng lipunan, lalo na sa mga bansang sumisikap umunlad, ang mga sitwasyon na maaring humarap sa isang abugado, bilang isang manananggol, o kaya

⁷¹Lacaba, *The Selling of Pilipino, A SURVEY OF CONTEMPORARY PHILIPPINE LITERATURE IN ENGLISH* 117 (1978).

⁷²Elkins, *A Humanistic Perspective in Legal Education*, 62 NEB. L. REV. 494, 510 (1983); Reich, *Toward the Humanistic Study of Law*, 74 YALE L.J. 1402 (1965).

⁷³Elkins, *id.*

⁷⁴*Id.*, sa 511.

bilang isang taong may mahalagang dapat gampanan sa lipunan, ay maaring maging kasing salimuot.

Dahil sa makitid na pananaw na ito, ang mga abogado mismo ang sumaklaw sa sarili nilang papel na ginagampanan sa lipunan. Isang paggaganap na hindi nagbibigay ng wastong pagtuturing sa mga mahalagang usapin na hinaharap ng lipunan. At ito na nga ang naging pangtradisyonal na papel ng isang abugado. Itong pangtradisyonal na papel na ginagampanan ng isang abugado ay dapat padaanin sa isang masusing pagsasaalang-alang.⁷⁵ Ang pangangailangan na suriin ito ay lalong nabibigyan ng hudyat kapag ang tiningnan ay ang dapat na gampanan ng isang manananggol sa isang bansang sumisikap umunlad.⁷⁶

Kapag itong pagsusuring ito ay hindi ginampanan, ang pag-aaral ng batas ay maaring maging lalong hindi maramdamin at mapalayo sa mga kaisipang pangpulitikal at panglipunan. Kinakailangan, ang pag-aaral ng batas ay mayroong direksyon o patutunguan na batay sa tamang simulain upang ito ay maging nauukol sa pahahon at upang makatugon sa mga pangangailangan ng lipunan.⁷⁷

Dito sa Pilipinas, ang paggamit ng wikang Filipino sa pag-aaral ng batas ay maaring magsilbing paraan upang ang makitid na pananaw na maaring mabuo sa isang mag-aaral ng batas ay malisan. Kapag ang wikang Filipino ay pinayagang gamitin sa pag-aaral ng batas, maaring mapalawak ang pananaw ng mag-aaral. Maaaring makita niya ang kanyang sarili hindi lamang sa pangtradisyonal na papel ng mga abugado, kundi higit pa roon. Ang pagpahintulot sa paggamit ng wikang Filipino sa pag-aaral ng batas ay maaaring magtungo sa pag-ibayo ng pagtanaw ng mag-aaral sa mga alituntunin na dati ay hindi pinapansin at mga usapin na hindi binibigyan ng tamang tugon. Mapipilitan ang isang nais maging abugado na tanawin ang lipunan na mayroong mga bagong mata, matang hindi nasasaklaw sa piitan ng isang banyagang wika.

Ang paggamit ng wikang Filipino sa pag-aaral ng batas ay maaring magsilbing paraan upang mapalapit ang mga manananggol sa taong-bayan. Ang mga mithin at adhikain ng madlang Pilipino ay nakalahad sa wikang

⁷⁵Friedman, *The Role of Law and the Function of the Lawyer in the Developing Countries*, 17 *VAN. L.R.* 181-185, 190-191 (1963).

⁷⁶*Id.*

⁷⁷Magallona, *Comments on Legal Education in the Third World*, 53 *PHIL. L.J.* 81 (1978).

alam nila, sa wika na kanilang kinagisnan, sa wika na masasabi nilang pang sarili nila, at ito ay ang wikang Filipino. Kapag nasanay ang mga magiging tagapamuno ng bayan sa paggamit ng wikang Filipino, magkakaroon sila ng paraan upang malaman ng lubusan ang pinakawagas na mga adhikain ng mga mamamayan. Kung hindi bihasa ang mga manananggol, mga tagapamuno ng bayan, at mga politiko, sapagkat hindi sila naturuan ng batas sa wikang Filipino, ay mananatili, kung hindi man lalong lalaki, ang agwat na umiiral sa pagitan nila at ng taong-bayan. Dahil dito, ang mga suliraning panlipunan ay mananatiling walang wastong tugon.

Mahaba pa ang landas na tatahakin natin bago maging lubos ang ating hangarin na ang Filipino ay maging tagapamansag ng ating mga pambansang mithiin, isipan at damdamin.⁷⁸ Malayo nga ngunit ang paggamit ng wikang Filipino sa pag-aaral ng batas ay maaring magsilbing isa sa mga mahalagang hakbang tungo dito.

Sa bahagi naman ng mga nais na magkaroon ng pambansang wika, kapag hindi isinali ang pag-aaral ng batas sa mga gumagamit ng wikang Filipino sa kanilang pag-aaral, malamang mahadlangan ang pagkaroon ng isang pambansang wika. Ang batas at ang pamahalaan ay dapat na umiral sa kawaan ng wika ng taong-bayan. Napakalaki ng panganib kapag ang gamit na wika ng madlang Pilipino ay iba naman doon sa gamit ng pamahalaan. Hindi magkakatugma ang tugon sa suliranin. At isa pa, maaaring magkaroon ng dalawang uri o bersyon ng wika na parehong magpapanggap na wikang pambansa.

Pangkariniwan, ang mga mag-aaral ng batas ay dalawang uri. Ang isa ay ang mag-aaral na kumuha ng abugasiya upang kumita ng salapi o kayamanan⁷⁹ at ang mga kumuha ng abugasiya upang makatulong sa lipunan sa ano mang paraan tulad ng pagturo o pagsuri ng batas.⁸⁰ Malinaw na kahit ano man sa dalawang uri ang isang mag-aaral ng batas, ay makakatulong sa kanya ang pagsanay sa paggamit ng wikang Filipino. At ang pagsasanay sa paggamit ng wikang Filipino sa larangan ng batas ay pinakamabuting ibahagi habang ang isang tao ay nag-aaral pa ng batas.

⁷⁸Pineda, *supra* tala 28, sa 64.

⁷⁹C. EISENMAN, THE UNIVERSITY TEACHING OF SOCIAL SCIENCES: LAW 18-19 (1972).

⁸⁰Blackburn, Law School Curricula in Retrospect, 9 ADEL. L.R. 43, 44-45 (Abril 1983).

Sa lahat ng paktor na kasangkot sa pag-aaral ng batas, ang mga guro ang masasabing pinakamahalaga.⁸¹ Kahit anong reporma ay dapat magsimula sa kanila. Hindi dito sinasabi na ang ibang mga sektor ng paaralan ng batas ay walang mahalagang bahagi sa ano mang maaaring maging reporma. Kaya lamang, ang mga guro ng paaralan ng batas ang isa sa pinakamahalaga sapagkat ito ang nananatili at ito na rin ang mayroong pinakamalakas na inpluwensiya.

Malinaw na maaaring magkaroon ng kahirapan ang ano mangtangkang gamitin ang Filipino sa pag-aaral ng batas. Malaki ang posibilidad na magkaroon ng pagkalito sa paggawa ng tamang alituntunin tungkol sa paggamit ng wikang Filipino sa pag-aaral ng batas at pati na rin sa pagpapatupad ng mga ito. Ito ay dahil sa ang pag-aaral na pangpropesyonál sa batas, tulad din sa medisina, ay napakakunat pagdating sa reporma. Bukod pa diyan, batay sa mga siyentipikong pananaliksik na ipinatupad ng mga dalubhasa sa sikolohiya, pangkaraniwang, ang isang mag-aaral ng batas ay dumadanas ng matinding pang-intelektuwal na paghihirap habang nasa paaralan ng batas. Maituturing na sadista ang isang tao kung naisin pa niyang patawan ng karagdagang parusa o kahirapan ang isang mag-aaral ng batas. Ngunit ang simulain na makatugon sa mga matinding pangangailangan ng bansa at ng lipunan na maisagagawa kapag ipinatupad ang paggamit ng wikang Filipino sa pag-aaral ng batas ay siguro karapat-dapat na pag-aksayahan ng panahon kundi man pagdanasan ng kunting paghihirap.

- oOo -

⁸¹Hazard, *Competing Aims of Legal Education*, 59 N. D. L. REV. 533, 548-549 (1983).